

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY ERWIN TULFO –TUTOK ERWIN TULFO/PTV
September 20, 2021

TULFO: Magandang umaga po, Secretary Roque, sir. Sir, welcome back po muna at nakabalik na ho pala kayo. Kumustahin ko lang muna iyong inyong nilakad ho doon, Secretary?

SEC. ROQUE: Okay naman po ‘no. Okay naman po ang mga naging usapin namin sa mga estado para po doon sa International Law Commission. Nag-iingay po iyong ilan sa ating mga detractors dito, pero sa tingin ko naman ay alam ng mga estado na mag-assess kung sino talaga ang eksperto sa larangan ng international law. So hayaan po natin ang mga estado ang siyang pumili at bumoto.

TULFO: Oho, all right. Secretary, maiba po tayo. Nitong linggo, may grupo po na nag-rally diyan sa Maynila na kontra daw sila dito sa mga bakuna na ito dahil kalokohan daw ito, walang katuturan. May mga, ‘ika nga eh, may mga namatay din daw kahit na nagpabakuna, Secretary.

Iyon lang, naputol. Balikan ho natin si Secretary.

So, Secretary, ano hong plano dito sa mga may mga grupo na sa halip na – samantalang ang gobyerno 24/7 kinakampaniya, pati ho kami rito, na magpabakuna, magpabakuna – pero may grupo na, well, hindi naman kalakihan, maliit lang na grupo at sinasabing kalokohan ang pagpapabakuna dahil may namamatay din sa mga nagpapabakuna. Ano ho ang reaksiyon ninyo rito, Secretary?

SEC. ROQUE: Well, unang-una po ‘no, naku, napakaliit po ng porsiyento na nagkakaroon ng adverse reaction na tinatawag – wala pa pong kalahating porsiyento, wala pa pong one-fourth sa porsiyento ‘no. So wala pong katotohanan iyong sinasabi ng mga, ewan ko ba kung anong tawag diyan, iyong mga kulang yata sa pagkaintindi ‘no, o pag-iisip.

Pangalawa po, alam ninyo po itong pagbabakuna, pupuwede pong gawin iyang mandatory ng gobyerno. At mayroon na po tayong desisyon dito sa Pilipinas, sa ating Kataas-taasang Hukuman ‘no at saka citing iyong kaso sa Amerika na dahil nga po mayroon tayong tinatawag na inherent police power to promote the public health eh pupuwede po nating gawing mandatory iyan. Pero hindi pa naman po tayo umaabot doon kasi ang iniisip naman ng gobyerno, bakit naman tayo magma-mandatory eh ngayon lang dumadami ang supply natin ng bakuna. Pero kapag sapat-sapat na po talaga ang bakuna natin, baka pupuwede na mapatupad iyan pero kinakailangan muna natin ng batas na galing po sa Kongreso.

TULFO: Oho. Pero ang contention po ng ilan doon, may nakausap po ako kahapon na isa sa mga miyembro nila, sinasabi, “Aba eh, Pareng Erwin, protektado kami ng Konstitusyon, iyong

Freedom of Choice. Nakapaloob iyan sa Konstitusyon.” Ito po iyong ipinagmamalaki nila, Secretary.

SEC. ROQUE: Alam ninyo po, iyong police power, ang talagang assumption niyan, mayroon talagang malalabag na karapatan. Kaya lang, hindi po iyan magresulta sa paglabag nga ng karapatan dahil mayroon pong mas mataas na layunin ang estado at iyon nga po iyong pagpuprotekta ng public health.

Ito po uulitin ko: Ang police power po assume na mayroon talagang karapatan na pupuwedeng hindi mapagbigyan o malabag pa nga, pero ito po ay para sa kabutihan ng mas marami, kabutihan ng lahat.

TULFO: Ano naman po ang masasabi ninyo, Secretary, mayroon pang mga placard na sinasabi, “My body, my choice.”?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po iyan, ang choice nila ay baka magresulta iyan sa kabaong at sa paglilibing. Dahil sa panahon po talaga ngayon, nakakahawa ang Delta variant; iyong iba nga bakunado na pero mayroon pang tinatawag na breakthrough infection. Mabuti na lang kapag ikaw ay bakunado, proteksiyon iyan sa pagkakasakit nang malala o iyong pagkakasakit na magdudulot ng kamatayan.

Pero your body, your choice po, parang sinasabi nila na talagang gusto nilang mamatay dahil sa virus na iyan. Iyan lang po ang magiging resulta diyan kapag hindi nagpabakuna.

TULFO: All right. Secretary Harry Roque, Presidential Spokesperson/IATF Spokesperson. Sir, maraming salamat po. Magandang umaga. Welcome back, Sec.

SEC. ROQUE: Well, maraming salamat, Erwin. At doon sa aking mga dinaanan dito sa mga nakalipas na araw na sinaksak ako sa likod ng mga tao na walang sapat na katapatan na makipag-away nang harapan, nagpapasalamat ako sa patuloy mong pagsuporta.

TULFO: Sir, makasingit lang: Eh hindi na ho ba kayo, were you surprised na mga kasamahan ninyo dati mismo ang tumira sa inyo? Mga kasamahan ninyo na mga co-professors ho ninyo sa isang unibersidad. Weren't you surprised?

SEC. ROQUE: Well, unang-una, hindi ko po alam kung sino sila. Wala po silang lakas ng loob na magpakilala. Pangalawa, wala po silang kumbaga kapangyarihan na mag-isyu ng ganiyang statement dahil isa lang po ang policy-making body ng ating pamantasan ‘no, iyan po iyong either pagdating sa mga academic matters, iyong university counsel o ‘di naman kaya iyong ating board of regents po ‘no na siyang nagpapataw nga ng mga degree.

So sa akin po, *ultra vires* po ang tawag diyan, mga personal na opinion nila iyan. Nakakalungkot kasi talagang parang utak talangka ang nangyari ‘no. Pero ang pinagmulan po niyan ay 1983, noong ako po ay tumiwalag sa hanay na mga ‘pulahan’ talaga ‘no. Hanggang

ngayon, I have moved on dahil 'di ba po nagpaplano po sila ng revolution na papaligiran ang ating mga siyudad galing po sa kabukiran. Eh laos na po iyan, matagal na pong hindi sinusunod ang sinasabi ni Mao Zedong. Move on ang aking advice.

TULFO: Panghuli na lamang talaga na tanong, Secretary. Are you ready at ramdam mo ba na marami pang parating na mga banat na aabutin mo na babatuhin ho kayo, Secretary?

SEC. ROQUE: I think record na ako na lahat na binato sa akin pati iyong kitchen sink na tinatawag. Ewan ko ba kung ano pang ibabato nila.

Pero anyway, basta nandiyan po ang ating Erwin Tulfo na sumusuporta, kayang-kaya po natin lahat iyan. Maraming salamat po sa suporta.

TULFO: Secretary Harry Roque, good morning po and thank you.

SEC. ROQUE: Good morning po.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center